REVIEW

# Balik-Tanaw sa Panahon ng Batas Militar

Jema M. Pamintuan

A Film Review of
***Ka Oryang***
**Cinema One Originals, 2011**

**Director:** Sari Dalena
**Writers:** Sari Dalena and Keith Sicat
**Executive Producer:** Ronald Arguelles
**Producers:** Keith Sicat, Joenathann Alandy
**Cast:** Alessandra de Rossi, Joem Bascon, Kalila Aguilos, Walter Arenio, Angeli Bayani, Emilio Garcia, Alex Medina, Marife Necesito, Ama Quiambao, Che Ramos
**Released:** 2011
**Running time:** 96 minutes



Bagaman *fictional* na kababakasan ng estilong dokumentaryo, mapahahalagahan sa pelikulang *Ka Oryang* (Cinema One Originals, 2011) ang malinaw nitong paliwanag hinggil sa mga sumusunod: sa isang banda, ang paglalaan ng perspektiba tungkol sa pakikilahok ng kabataan at kababaihan mula sa iba't ibang sektor sa pakikibaka ng bansa laban sa opresyon noong panahon ng Batas Militar; at sa kabilang banda, ang pandarahas at iba't ibang uri ng paglabag sa karapatang pantao na ipinakita ng gobyerno at militar, sa ilalim ng pamamahala ni dating Presidente Ferdinand Marcos. Ang mainam na direksyon, na pinalakas pa ng mahusay na pagtatanghal ng mga aktres, angkop na produksyon at makapangyarihang naratibo, ang maayos na nakapagtawid ng mensahe ng pelikula.

Una nang mapupuna ang ngalang "Ka Oryang" na ginamit sa pamagat ng pelikula, na ngalan ng pangunahing tauhan sa pelikula (ginampanan ni Alessandra de Rossi) at naglingkod bilang manggagamot sa lalawigan noong panahon ng Batas Militar. Tanyag sa kasaysayan na ang "Oryang" ay pinaikling ngalan ni Gregoria de Jesus, ang maybahay ng pinuno ng Katipunan na si Andres Bonifacio. Kapwa nabuhay ang dalawang babae (Oryang at Ka Oryang) sa masalimuot na mga yugto ng kasaysayan ng Pilipinas sa ilalim ng mahigpit at opresibong pamamahala. Taong 1896, sa bisperas ng pambansang rebolusyon laban sa Espanya, unang nakaranas ang Pilipinas ng pagpapatupad ng Batas Militar sa ilalim ng pamamahala ng kolonyalismong Espanyol. (Brillantes, 1987)

Simbolo si Oryang ng kababaihang lumampas pa sa mga atas sa kaniya sa loob ng tahanan at naglingkod sa kaniyang bayan. Sa talambuhay na isinulat ni Oryang inilarawan niya ang masugid na pagtulong sa kaniyang ina sa mga gawaing bahay, pagbuburda at pananahi, na karaniwan nang tungkulin ng babae sa loob ng tahanan. Subalit dininig ni Oryang ang tawag ng pangangailangan ng kaniyang bayan. Ang mga karanasan niya noong panahon ng Rebolusyon ay umigpaw pa sa ginhawa at kapanatagang nakuha niya sa loob ng ligtas na tahanan, at mula sa kaniyang pagbahagi ng mga karanasan, makikita ang pananaig ng damdaming lumalaban para sa bayan:

> Ilang mahalagang bagay na aking napagdanasan sa panahon ng himagsikan ay itong sumusunod: Nang ako'y kasama ng mga kawal na naghihimagsik sa parang ng digmaan ay wala akong pangiming sumuong sa anomang kahirapan at sa kamatayan man, sapagkat wala akong nais nang panahong yaon kundi ang mawagayway ang bandila ng kasarinlan ng Pilipinas, at palibhasa'y kasama ako at sumaksi sa maraming laban, kaya't

> kabilang din akong isa sa mga kawal, at upang maging ganap na kawal, ako'y nagsanay ng pagsakay sa kabayo at nag-aral na mamaril at humawak ng ilang uri ng sandata na nagamit ko rin naman sa maraming pagkakataon. (Alzona, 1964, p. 162)

Sa pelikula, sa unang malas, ang *fictional* na tauhang si Ka Oryang ng dekada 70 ay hindi tuwirang salamin ni Oryang noong panahon ng Rebolusyon, 1896. Sa bisa ng pagtatanghal ni de Rossi naiparating ang pagbabago sa tauhang Oryang. Nagsimula siya sa pagiging isang tahimik at kiming tagapakinig ng talumpati ng isang mag-aaral sa harap ng Oblation ng Unibersidad ng Pilipinas. Ang talumpati ay pumaksa ng tungkol sa pangangailangan ng aktibong partisipasyon ng kababaihan sa pagbawi at pag-angkin ng kalayaan ng bayan laban sa opresyon mula sa pamahalaan. Marubdob ang mga salita at paraan ng artikulasyon ng babaeng aktibista, na epektibong ginampanan ng aktres na si Che Ramos. Nanghihimok at mariin ang paraan ng pagbibigay-diin ng mensahe sa mga nakikinig. Bahagyang nakayuko si Oryang, bagaman makikita sa mukha nito ang matamang pakikinig, at ang bahagyang pagyuko ay hindi pagiging pasibo, sa halip, mahihinuhang pagpapakumbaba, maaaring hindi pa gaanong nauunawaan ang mga bagay na dapat ipaglaban, at maaari rin namang pag-aalinlangan sa pagkakapako sa sitwasyong iyon. Gayon si Oryang sa eksenang ito ng pelikula: tahimik na saksi.



Ka Oryang (Alessandra de Rossi) starts to be politicized during the eventful days of the Diliman Commune. (Photo courtesy of Sari Dalena.)

Ang muling pagtatanghal ng ilang mga senaryo ng pakikibaka ay binigyang-timbang sa makatotohanang paglalahad ng pelikula. Sa bisa ng sinematograpiya at disenyong pamproduksyon, muling isinalaysay ang pagbuo ng barikada ng mga kabataang mag-aaral ng UP sa pamamagitan ng pagsalansan ng mga upuan at mesa sa harap ng gusali ng Palma Hall. Nasa isang tabi lamang si Oryang, nakamasid sa mga mag-aaral na may buhat-buhat na upuan at ipinapatong sa nilikhang barikada. Ito ang Diliman Commune,[1] at doon nailarawan ang isang dramatisasyon ng pagsagka ng mga mag-aaral na aktibista laban sa militar. Sa kabila ng tangkang pagkontrol sa mga nagrarali sa pamamagitan ng water hose, matatag ang paninindigan ng mga mag-aaral na hindi mabuwag ang kanilang barikada. Nagtapos ang eksena sa pagkakabaril sa isang mag-aaral na nakilala at nilapitan ni Oryang, saka ito sumigaw at humingi ng tulong. Tiniyak ng pelikula ang maayos na transisyon patungo sa susunod na eksena: sumunod na narinig ang tinig ni dating Presidente Ferdinand Marcos sa kaniyang pagdeklara ng Batas Militar.

Naging manggagamot si Oryang at piniling manilbihan sa baryo. Malinaw ang pagbabagong-pihit ng pagtatanghal ni Oryang sa mga eksenang ito. Hindi na lamang siya nakamasid at nag-oobserba. Sa puntong ito ng pelikula, bagaman saksi pa rin si Oryang sa iba't ibang sakit ng kaniyang mga maralitang kababayan, naroon na ang pakikiugnay ng sarili—ibang-iba na sa di tiyak niyang disposisyon sa unang bahagi ng pelikula. Dito makakapa ang unti-unting pakikisangkot ng babaeng tauhan sa tawag ng pangangailangan ng kaniyang bayan, tulad ni Oryang ng 1896 na hindi nag-atubiling manindigan at mag-alay ng tulong bilang miyembro ng Katipunan sa pakikipaglaban sa pamahalaang kolonyal. Kapwa may opsyon ng tahimik na pamumuhay ang dalawang Oryang: maaaring piliin ang buhay sa loob ng tahanan, o sa higit na maginhawang lunan para sa propesyon. Subalit mas naging taal sa pasya ang paglabas mula sa payapang kaligiran ng tahanan, o ospital sa siyudad, nang may malinaw na kumbiksiyong piliin ang landas na mas masalimuot.

Sa pelikula, nakapila ang mga maysakit na ibig magpatingin kay Oryang. Isa sa mga ito ay matandang babae na may *haemolacria*, isang uri ng sakit sa mata. *Conjunctival bleeding* ito: nangangahulugang umiiyak ng dugo ang may ganitong karamdaman. Taal ang pagpokus ng kamera sa mga bahagi ng katawang sinuri ni Oryang, partikular, ang mga matang bulag at mga tiyan ng buntis. Sinaliwan ang eksenang ito ng awit hinggil sa umano'y "bagong lipunan" ng Pilipinas, ang pagkakaroon nito ng bagong landas, at bagong buhay. Hindi ipinagtatabi sa eksenang ito ang paralelismo ng bagong buhay na lantad sa mga sinapupunan ng nagpapatinging mga ina. Sa halip, iniankla sa simbolo ng *haemolacria* ang mapagbalatkayong bagong lipunan, pagka't lipunan ito na labis ang pagdanak

ng dugo dahil sa karahasan at pakikipaglaban, at umapaw ito at tumulo mula sa mata ng mga nakasaksing mamamayan.

At gaya ni Oryang ng 1896 na umibig kay Bonifacio sa gitna ng pakikibaka at rebolusyon, nakilala naman ni Oryang si Ka Noli, isa sa mga miyembro ng kilusang Komunista, mga magpares na pare-parehong pinagtiyap ng taimtim na hangaring maglingkod, bagaman may magkaibang paksang tinutunggali. Pinakiusapan ni Noli si Oryang kung maaaring gamutin ni Oryang ang kaniyang kasamahang nasugatan sa isang engkuwentro. Higit ditong nagkakamalay si Oryang sa napasukang komunidad ng mga nakikibaka, na iigpaw pa pala mula sa pagiging manggagamot ng mga dahop ang kaniyang tungkulin. Tulad ni Oryang ng 1896 na umibig kay Bonifacio at pagka'y maaga ring nawalan ng kabiyak, nagkamabutihan sina Oryang at Noli, subalit nagkahiwalay rin. Kapwa naganap ito sa gitna ng kani-kaniyang sapalaran—sa isang banda, rebolusyon laban sa opresibong makinarya ng pananakop ng dayuhan, at sa kabilang banda, pakikipaglaban para sa makatarungang pamamahala ng gobyerno. Sa pelikula, hindi na naging tiyak ang muling pagtatagpo, lalo pa't dinakip si Oryang ng mga miyembro ng militar, kasama ang iba pang kasapi ng kongregasyon ng simbahang naninilbihan sa baryo.

Ang mga iregularidad at kawalang-galang sa karapatang pantao noong naideklara ang Batas Militar ay unti-unting inilista at isinalaysay sa mga sumunod na eksena, at muli, ang kalakasan ng iskrip ng pelikula ay mahihinuha sa mga ito. Simula sa pagdakip kay Oryang at sa mga kasamahan nitong kawani ng simbahan hanggang sa pagkakakulong nila ay batbat na ng tuwirang pang-aabuso sa karapatang pantao. Sa pagdakip, ipinakita sa pelikula ang basta na lamang pagpasok ng mga miyembro ng militar sa bahay, at sa pagkakatuklas sa mga babasahin gaya ng aklat na inakda ni Jose Maria Sison (*Philippine Society and Revolution*). Inaresto na ang mga kawani, kasama si Oryang, at saka ibinilanggo, na malinaw na paglabag sa batas hinggil sa pagsagawa ng aresto.[2] Sa isa ring hiwalay na eksena, sapilitang isinakay at itinulak papasok sa loob ng isang jeep ang mga babaeng militante na dinakip, kasama ang mag-aaral na nagtalumpati sa harap ng UP Oblation.

Ang birtud ng pelikula, bukod sa mahusay na pagtatanghal ng mga aktres nito, ay ang bukal ng datos pangkasaysayan na ipinagunita at inilatag ng mga eksena ng pagdakip, pagpapahirap, at pagkulong. Ang madilim na panahon ng Batas Militar ay naratibo ng iba't ibang uri ng pang-aabusong pinagdaanan ng mga *political* at *non-political detainees*, na nakaabot sa kaalaman ng pandaigdigang komunidad.[3] Laganap dito ang puwersahang pagdukot sa mga pinaghihinalaang sangkot sa mga subersibong gawain laban sa pamahalaan, at eksploytasyon sa mga ito. Maaalaala mula rito na isang babaeng tinortyur at

pinatay noong taong 1973 ang nagpamulat sa lipunan tungkol sa matinding karahasang isinagawa ng ilang miyembro ng militar sa mga pinaghinalaan nilang militante.[4] Sa pelikula, pinangunahan ng isang Kapitan (ginampanan ni Emilio Garcia) ang interogasyon sa mga babaeng dinakip, kasama na rito si Oryang. Bagaman higit na mainam kung naglaan pa ng kontrol at lalim sa pagganap ng kaniyang karakter ang aktor na si Garcia, sinuhayan ng mababangis niyang tanong, na pinatindi pa ng panggagahasa at pananakit, ang paglarawan sa karanasan nina Oryang at ng ilan pang kasama sa bilangguan.

Mahalaga ang paggamit ng tila pinahabang mga eksena ng interogasyon at tortyur. Ang pagbanat sa mga ito ay upang maipadama ang paulit-ulit at mahabang mga pagtatanong at iyon mismo ay bahagi ng pagdanas ng dahas, ang pamumuwersa na pagsalitain ang tinotortyur, ang pambubugbog dito. Ang lunang pinagtanghalan ng interogasyon at pang-aabuso ay posibleng safehouse ng militar, na ginagamit para mangtortyur ng mga *detainee*.[5] Sa puntong ito ng pelikula, bagaman maraming tanong hinggil sa hindi makatuwirang pagdukot sa kaniya, bakas kay Oryang ang kamalayan niya sa naghihintay na karahasan. Matalas na pinuna ni Oryang ang safehouse na pinagtapunan sa kanila ng militar, at kaharap ang Kapitan, buong tapang nitong tinanong kung bakit sila nasa babuyan: baboy raw ba ang Kapitan at mga kasamahan nito? Tigib ng tensyon, oo, bagaman hindi ng takot, ang mga lunang pinangyarihan ng tortyur, at mahusay na naipaabot ng mga aktres ang pangkalahatang damdaming ito. Malinaw na ang higit na pananahimik at pagtitiim-bagang ng mga babaeng bilanggo bilang tugon sa mga pabalang na tanong ng Kapitan ay katumbas ng mariin nilang pagsalungat.

Hindi naging mapagbigay ang pelikula sa pagsasadula ng mga pang-aabusong sinapit ni Oryang. At hindi rin itinanghal sa paraang melodramatiko ang mga eksena. Sa bisa ng kamera, ang dahas at terorismo ay naroon sa dilim na nagkubli sa isang bahagi ng mukha ng bilanggo. Gayundin, sa gitna ng mga larawan ng karahasan, ang matimping tunog at musika na ginamit ay umagapay rin sa hindi patitinag na tapang ng mga babaeng *detainee.*

Sa mga eksenang ito sinamantala ng pelikula ang pagpapalitaw sa imahen ng babaeng niyurakan sa gitna ng pakikipaglaban nito—ipinakita ang kabuuan ng katawan ng babae, hubad na katawang ipinatong sa bloke ng yelo nang nakatali ang mga kamay; mga katawang pinahirapan, ginahasa, inabuso. Kung babalikan sa ilang mga tala at balita, magkaiba ang naratibo ng pelikula sa paliwanag ni dating Presidente Marcos tungkol sa kalagayan ng mga *political detainees*, na tila baga, sa kaniyang pananalita, napakainam ng kondisyon at maayos ang pagtrato sa mga bilanggong ito.[6] Bagaman lantad ang pakiramdam na bugbog

at lamog ang mga katawan, ang paninindigan at pagkakaisa ng mga babaeng bilanggo ang bumuo at nagsemento sa kanila.

Nagkasundo ang mga babaeng bilanggo na magsagawa ng *hunger strike*, pangunahin na hingin ang pagpapalaya sa mga bilanggong malapit nang manganak. Ipinagbigay-alam nila ito sa kapwa bilanggo at gumawa ng sistematikong paraan ng *hunger strike* sa pamamagitan ng pagrasyon sa mga biskwit, isang biskwit kada araw. Ang tunog at tinig ng pakikipaglaban sa pelikula ay idiniin ng pagpukpok nila ng mga pinggan at lalagyan ng pagkain sa mga rehas na bakal ng kulungan upang lumikha ng ingay, ng marubdob na boses ng paghayag, at saka inihagis ang mga pinggang ito palabas ng kulungan.

Natatangi ang bahaging ito ng pelikula pagkat nasalungguhitan ng eksena ang saysay ng *hunger strike* bilang isa sa mga pangunahing hakbang sa loob ng bilangguan upang magparating ng makataong kahingian sa awtoridad.[7] At hindi dahil nakakulong, ay mananatiling talunan at walang laban ang mga ito. Mainam lamang sana kung naitawid ng pelikula kung gaano katagal ang *hunger strike* na ito—kung umabot ng ilang araw o ilang linggo. Sa mga salaysay ng ilang bilanggong nagsagawa ng *hunger strike* na nabigyang-dokumentasyon noong panahon ng Batas Militar, kritikal ang bilang ng araw ng sakripisyo nang may katumbas na tiyak na kahingian, madalas, para sa kanilang kapwa bilanggo.[8]

Sa *hunger strike* din ng mga babaeng bilanggo makakapa ang inilabas na pahayag ng mga babaeng *political detainee* sa Camp Bicutan sa pagdiriwang ng Araw ng Kababaihan, taong 1977:

> Dinanas naming mga *political detainees* ang matinding opresyon at kawalang hustisya. Napakahalaga para sa amin ang ika-8 ng Marso. Sa araw na ito, ibig naming ideklara ang pakikiisa sa lahat ng kababaihan sa buong mundo, lalo na ang mga kababaihang manggagawa, sa kanilang makasaysayang pakikipagsapalaran laban sa lahat ng uri ng pang-aabuso. (*Makibaka*, 1980, pp. 67-68, akin ang salin)

Sa pahayag na ito isinalaysay ng mga nakalagdang kababaihang bilanggo ang isinagawa nilang *hunger strike* sa loob ng kulungan, at detalye ng *hunger strike* na ito, tulad ng bilang ng araw ng strike, layunin at kahingian ng strike, gaya ng pagpapalaya sa mga bilanggong bagong panganak lamang. Mahalaga ang detalye ng bilang ng araw dahil isinaad nito ang dokumentasyon sa isinagawang strike, ang kondisyon ng mga bilanggo sa paglipas ng bawat araw ng strike, ang mga kaakibat pang karagdagang pang-aabuso habang isinasagawa ito, at ang

pagpapalalim ng kapatirang idinulot ng strike sa mga bilanggo. Isa itong detalye na sana ay napalawig pa ng pelikula.

Sa pelikula, mahalaga ang ipinakitang pagmamapa ng katawan ng babae, at pagpapakilos ng katawan nito. Sa isang banda, ang tinig ng babae ay malambing na oyayi sa kaniyang sanggol, ang awit nito ay salaysay at paliwanag tungkol sa kaniyang ama na hindi pa umuuwi pagkat may pinagdaraanang sapalaran. At sa kabilang banda, mapuwersa at nakikibakang talastas din ang tinig na ito laban sa opresyon at nangrarahuyo sa kapwa babae na makisangkot. Ang mga kamay ng babae ay kumakalinga sa sanggol, nagtatrabaho sa loob ng tahanan, nagluluto, nananahi, nagbuburda. Subalit kung kinakailangan, nagbibitbit din ito ng mga armas at pinag-aaralan ang paggamit nito, nagtatago ng mga mahalagang dokumento at polyeto ng samahan, nangangalaga sa mga maysakit. Hindi mapapantayan ang pagpapakasakit ng ina para sa sanggol; mula sa pag-aalaga rito habang nasa loob ng sinapupunan hanggang sa paglabas nito. At kung hinihingi ng pagkakataon, pagdaramutan din ng babae ang kaniyang sarili ng pagkaing susustina sa kaniya sa mga *hunger strike* na kaniyang isasagawa. Kaisa kina Ka Oryang at sa mga babaeng bilanggo, muli, si Oryang, asawa ni Bonifacio, sa isang bahagi ng kaniyang salaysay:

> Napagdanasan ko rin naman ang matulog sa lupa ng walang kinakain sa boong maghapon, uminom sa mga labok ng maruming tubig, o kaya'y katas ng isang uri ng baging sa bundok na tutoong mapakla na nagiging masarap din dahil sa matinding uhaw. (Alzona, 1964, p. 162)

At ito ang mahalagang uulit-ulitin ng pelikula, ang ikonikong imahen ni Oryang, asawa ni Bonifacio, at ang mga tulad niyang nagtatanggol at nangangalaga sa kaniyang bayan at kasaysayan, na hindi lamang pagkain ang ikinagugutom at ikinauuhaw ng tao, higit, kailangan nito ng kalayaan.

## Mga Pinagsanggunian

Alzona, E. (1964). *Julio Nakpil and the Philippine revolution, with the autobiography of Gregoria de Jesus*. Manila: Carmelo and Bauermann, Inc.

Brillantes, A. (1987). *Dictatorship and Martial Law: Philippine authoritarianism in 1972*. Quezon City: Great Books.

De Quiros, C. (1997). *Dead aim: How Marcos ambushed Philippine democracy*. Pasig City: Foundation for Worldwide People's Power.

Marcos, F. (1977). *Human rights and the rule of law: The Philippine experience*. Manila: (n.p.).

Free Legal Assistance Group. (1978). *Legal rights of political detainees under Martial Law*. Manila: Free Legal Assistance Group.

*Makibaka: A Documentation of five years of resistance to martial law in the Philippines.* (1980). London: War on Want.

## Mga Tala

[1]"…ginawang Diliman Commune ng mga aktibista ang UP Diliman, at idineklara itong unang malayang erya sa kapital habang nakikipagbuno at lumalaban sa mga miyembro ng awtoridad sa paggawa ng mga barikadang yari sa upuan at mesa." Akin ang salin, (de Quiros, 1997, p. 133).

[2]"Paano isinasagawa ang pag-aresto? Ang opisyal o indibidwal na nagsasagawa ng aresto ay kailangang ipaalam sa indibidwal (a) na siya ay inaaresto; (b) ang dahilan ng kaniyang pagkakaaresto; (c) na may warrant o ASSO (Arrest, Search and Seizure order) na inilabas para sa pag-aresto; (d) na kapag hiningi, kailangang maipakita ang ASSO o warrant sa taong inaaresto upang maiwasan ang anumang dahilan nitong tumanggi at umalma. Akin ang salin, (Free Legal Assistance Group, 1978, p. 19).

[3]"Ang pandaigdigang publisidad hinggil sa mga tortyur ang pumukaw sa atensyon ng Amnesty International na nagpadala ng mga kinatawan sa Pilipinas noong 22 Nobyembre 1975." Akin ang salin, (Makibaka, 1980, p. 57).

[4]"Ang katotohanan ng karahasang ginagawa ng militar ay nakaabot sa kaalaman ng publiko noong April 1973, dahil sa pagtortyur at pagpatay sa 21 taong gulang na si Liliosa Hilao. Si Liliosa ay isang mag-aaral sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila at magtatapos sanang cum laude sa susunod na buwang iyon, nang inaresto siya ng mga miyembro ng Constabulary Anti-Narcotic Unit (CANU)." Akin ang salin, (Makibaka, 1980, p. 59).

[5]"(Noong 1975), mayroong 20 pangunahing detention center sa Pilipinas para sa political detainees. Subalit hindi tiyak ang bilang ng mga political detainees na naroon sapagkat marami ang mga nasa kulungan kasama ang non-political detainees at may ilan ding nasa military safehouses (mga lihim at kubling kulungang ginamit ng mga intelligence unit sa pagtortyur at pagkuha ng impormasyon sa mga inarestong bilanggo)." Akin ang salin, (Makibaka, 1980, p. 57).

[6]"Noong 11 Disyembre 1974, sa isang pambansang pahayag na narinig sa radyo at telebisyon, ipinaliwanag ni Pangulong Marcos ang polisiya ng pamahalaan hinggil sa political detainees. Sa talumpating iyon, sinabi niya, wala at walang sinuman ang tinortyur. Walang sinuman ang may dahilan na magreklamo na ang kaniyang dignidad ay dinahas." Akin ang salin, (Makibaka, 1980, p. 61). Tingnan din ang Human Rights and the Rule of Law: The Philippine Experience. Ani Marcos, "Tiniyak namin, sa simula pa lamang ng Batas Militar, na ang mga indibidwal na may kaugnayan sa rebelyon o subersyon, o

nagsagawa ng krimen laban sa lipunan, na nasa kustodiya ng pulisya, ay hindi maipapailalim sa tortyur o sa marahas na parusa." Akin ang salin, (Marcos, 1977, p. 37).

[7]"Nagsasagawa ng hunger strike ang mga bilanggo upang mapabuti ang kalagayan nila sa loob ng kulungan." Akin ang salin, (Makibaka, 1980, p. 67).

[8]Tingnan halimbawa, ang salaysay nina Padre Ed dela Torre at kaniyang mga kasamahan sa pagsagawa nila ng hunger strike sa Camp Olivas, Pampanga, noong Disyembre 1974. Hiningi nila ang pagpataw ng house arrest sa mga bilanggong bagong panganak, ang paglipat ng ilang detainee sa Maynila upang malapit ang mga ito sa mga abugado nila at kaanak, at ang karapatan para magpiyansa. Umabot sa 76 na araw ang hunger strike. (Makibaka, 1980, pp. 67-68).

**JEMA M. PAMINTUAN** is an Assistant Professor of the Filipino Department at the Ateneo de Manila University (AdMU). She is a member of the Young Critics Circle Film Desk (corresponding author: jemapamintuan@yahoo.com).